**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**BATANGAS CITY**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON MAY 2, 2017 AT THE SANGGUNIAN SESSION HALL**

**PRESENT:**

| | |
|---|---|
| Hon. Emilio Francisco A. Berberabe Jr., | Presiding Officer |
| Hon. Aileen Grace A. Montalbo, | Councilor |
| Hon. Glenn M. Aldover, | " |
| Hon. Sergie Rex M. Atienza, | " |
| Hon. Alyssa Renee A. Cruz, | " |
| Hon. Oliver Z. Macatangay, | " |
| Hon. Armando C. Lazarte, | " |
| Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted, | " |
| Hon. Julian B. Villena, | " |
| Hon. Gerardo A. dela Roca, | " |
| Hon. Nestor E. Dimacuha, | " |
| Hon. Angelito "Dondon" A. Dimacuha, | (ABC-Rep.) |
| Hon. Hamilton G. Blanco, | Councilor |
| Hon. Nelson J. Chavez, | " |

"On motion of Councilor Montalbo duly seconded, the following Resolution was Adopted:

**RESOLUTION NO. 119 S. 2017**

**REFERRING TO THE JOINT COMMITTEES ON BARANGAY AFFAIRS AND LAWS, RULES AND REGULATIONS THE BARANGAY ORDINANCE NO. 1 SERIES OF 2017 OF BARANGAY HALIGUE KANLURAN, BATANGAS CITY**

**RESOLVED,** to refer to the Joint Committees on Barangay Affairs and Laws, Rules and Regulations for study, comments and recommendation the Barangay Ordinance No. 1 Series of 2017 of Barangay Haligue Kanluran, Batangas City entitled: "Ordinansang Nagtatakda Ng Pagsasara Ng Kalsada Sa Sitio Sampalukan Tuwing 10:00 Ng Gabi Hanggang 3:00 ng Madaling Araw".

**UNANIMOUSLY APPROVED."**

---

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 119 S. 2017 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on May 2, 2017.

**IVY AUDREY D. TELEGATOS**
Board Secretary I
Sangguniang Panlungsod

**NOTED:**

**ATTY. OLIVA D. TELEGATOS**
Secretary
Sangguniang Panlungsod

**ATTESTED:**

**EMILIO FRANCISCO A. BERBERABE, JR.**
Presiding Officer

**ODT/IADT/ystingchuy...**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**PROVINCE OF BATANGAS**
**BARANGAY HALIGUE KANLURAN**
**BATANGAS CITY**

# "ORDINANSA NG BARANGAY BILANG 1" SERYE 2017

**"ORDINANSANG NAGTATAKDA NG PAGSASARA NG KALSADA SA SITIO SAMPALUKAN TUWING 10:00 NG GABI HANGGANG 3:00 NG MADALING ARAW."**

Inihain ni: Kagawad Rufino C. Catapang
Committee on Peace and Order

**SAPAGKAT,** dahil sa mga napatalang nakawan at mga reklamo ng mga naninirahan dito sa mga motorista na dumadaan sa disoras ng gabi;

**SAPAGKAT,** ang nasabing sitio o kalsada ay ginagawang pinakamalapit na daanan papuntang karatig barangay ngunit may sadyang kalsada na daanan patungo sa karatig barangay;

**SAPAGKAT,** ang pagdaan ng mga matorista sa disoras ng gabi ay mapanganib at nakakaabala sa mga residente na nakatira dito, dahil sa ingay ng tambutso;

**SAPAGKAT,** ang pagsasara ng kalsada sa itinakdang oras ay pinag-usapan at pinag-kasunduan ng mga residente na nakatira dito para sa kanilang kaligtasan at katahimikan;

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO, AY IPINASYA NG BUONG SANGGUNIANG BARANGAY NG HALIGUE KANLURAN, LUNGSOD NG BATANGAS NA GUMAWA NG BATAS UKOL SA PAGSASARA NG KALSADA SA SITIO SAMPALUKAN TUWING 10:00 NG GABI HANGGANG 3:00 NG MADALING ARAW.**

IPINATUTUPAD NG SANGGUNIANG BARANGAY NG HALIGUE KANLURAN LUNGSOD NG BATANGAS;

**SEKSYON 1. PAMAGAT,** ang ordinansang ito ay kikilalanin bilang **ORDINANSANG NAGSASARA NG KALSADA SA SITIO SAMPALUKAN TUWING 10:00 NG GABI HANGGANG 3:00 NG MADALING ARAW.**

**SEKSYON 2. PANGUNAHING PRINSIYO-** mapangalagaan ang kaligtasan at katahimikan ng mga residente.

**SEKSYON 3. SAKLAW NG PAGPAPATUPAD-** ang ordinansang ito ay ipapatupad sa ilalim ng pamahalaan ng Barangay Haligue Kanluran, Lungsod ng Batangas.

**SEKSYON 4. LIMITASYON NG ORDINANSA-** maliban sa hindi itinalaga ng ordinasang ito

**SEKSYON 5. MGA PARUSA-** ang sinumang hindi susunod sa ordinasang ito, ang Sangguniang Barangay ay may karampatang pahintulot sa Punong Barangay na magbalangakas ng panukala para sa mahigpit na pagpapatupad nito.

Kaukulang multa sa sinumang mahuhuli na lumabag sa Ordinansa Bilang 1

Unang Paglabag- Pagkausap at pabibigay paalala sa sinumang mahuhuli na dumaan sa itinakdang oras ng pagsasara na may ipinatutupad ang barangay na ordinasa ukol dito.

Ikalawa- Pagmumulta ng halagang limang daang piso (Php 500.00)

Ikatlo- Pagmumulta ng hindi lalampas sa isang libong piso (Php 1,000.00)

**Isinagawa ni:**

*Neri [illegible]. [illegible]tay*
*Kalihim*

**Ipinagtibay ni:**

***Ananias D. Aguado***
***Punong Barangay***

Sangguniang Panlungsod
RECEIVED
By: [illegible]
Date/Time: 4/24/17 – 9:07 am